

Maundy Thursday 2017

Ang *mandatum* ni Jesus sa atin

Ngayon po, mga minamahal kong kapatid kay Kristo, ay Huwebes Santo. Subalit *English* ay *Maundy Thursday*. Sa atin ay Santo. Yun salitang *Maundy* ay galing sa wikang Latin, na *mandare*. Ito ay nangangahulugan to *command* o mag-utos. Ang *Maundy* mula sa *mandatum* ay kautusan.

Mula sa huling pangungusap ng ating Ebanghelyo ay sinabi ni Jesus "*isang halimbawa ang ibinibigay ko sa inyo upang gawin din ninyo gaya ng ginawa ko sa inyo*" (Juan 13,15).

Ang ngayon ang *mandatum* sa atin? Ang kautusan sa atin ay yun ginawa ni Jesus sa Kanyang mga alagad sa binasang Ebanghelyo. Tatlong pagkilos ni Jesus. Ano po ito?

Si Jesus ay tumindig. Siya ay naghugas ng mga paa ng Kanyang mga alagad. At bumalik sa hapag upang sila ay kumain.

Ito ngayon ay ating gagawin, Mayroon tayong nararapat na hanapin at puntahan. Ang paghuhugas ay paglilinis. Mayroon tayong dapat ayusin o linisin sa ating buhay. At tayo ay may-alay o magbigay upang sila ay mabuhay. Magpakain.

Una. Ang pagtindig ay nagsasaad ng pagkilos. May gagawin. Handa sa susunod na pagsasagawa, o paggalaw. Si Jesus ay tumindig, tumayo. Hindi po papalayo. Hindi po paatras. Bagkus papalapit pa sa Kanyang mga alagad.

Ang Diyos ay palaging lumalapit sa atin. Tayo po ay Kanyang sasamahan. Hindi nang-iiwan ang Diyos. Ang Diyos ay hindi nagpapabaya sa atin. Pupuntahan tayo ng Diyos upang tayo ay Kanyang ibabangon mula sa ating pagdapa. Lalapit sa atin ang Panginoong Diyos upang tayo ay itayong muli mula sa ating pagkabigo.

Mga kapatid, tumindig po tayo para sa Diyos upang sumunod sa Kanya, upang maging mga alagad Niya, at upang maglingkod sa Kanya. Sa Diyos maglaan tayo ng panahon, mag-alay tayo ng ating husay at talino para sa Kanyang mga kawan, at maghandog ng ating yaman para sa Kanyang mga gawain sa Simbahan.

Kung paano si Jesus ay tumindig at lumapit sa Kanyang mga alagad, tayo naman ngayon ay nararapat din tumindig at lumapit sa atin mga kapwa na naghihintay ng ating pagmamahal at pagpapatawad. Tanungin natin ang ating mga sarili: sino ngayon yun dapat natin puntahan, lapitan at kausapin? Sino ngayon yun nararapat natin hanapin, itayo at ibalik na muli sa ating buhay at bahay?

Ikalawa. Ang paghuhugas ay paglilinis. Noong ang paghuhugas ng paa ay gawain lamang ng isang katulong. At ito ay larawan ng paglilingkod. Si Jesus ay Panginoon at Diyos. Subalit siya pa ang naghugas sa paa ng kanyang mga alagad. Samakatuwid si Jesus ay nagpakababa at itunuring Niya na Siya ay katulong.

Hinugasan ni Jesus ang mga paa ng Kanyang mga alagad. Bakit paa? Hindi mukha. Hindi mga kamay o braso. Ang paa ang pinakamababa. Ang mga paa ang higit na marumi at nadudumihan. Ang paa ang higit na nahihirapan.

Ito ngayon ay isang *mandatum* na maging katulong tayo tulad ni Jesus sa mga pinakamababa, sa higit na nahihirapan at nasasaktan. Mayroon tayong tinutukoy na marumi sa lipunan, yun mga aba at hamak, at sila ang ating hugusan o paglingkuran.

Isang kautusan, *mandare* ni Jesus sa atin na sa mga taong lumayo mula sa atin, sa mga taong nagpabaya sa kanilang mga tungkulin para sa atin, o kaya nag-iwan sa atin, hugusan din natin sila sa pamamagitan ng ating pagpapatawad. At sa mga tao na atin rin natapakan o nasaktan hugusan natin ang ating mga puso sa pamamagitan ng ating pagsisisi at paghingi ng kapatawaran mula sa kanila.

Ang ating mga paa ay madaling kapitan ng dumi, ng alikabok. Minsan tayo rin dinadala ng atin mga paa sa mga lugar, bagay o tao para magkasala. At Ito ang mga dumi ng pagkakasala na nakakabit di lamang sa ating mga paa bagkus sa ating buong buhay. Tulad ng sinabi ni Propeta Isaias, "*pagpagin ang alikabok at tumindig*" (52,2).

Sadyang tama na tanungin natin atin mga sarili: sino at ano ang mga nagpapadumi sa ating buhay na dapat natin linisin? Ano ang mga dumi ng pagkakasala sa ating mga buhay na nararapat nating hugusan?

Panghuli. Si Jesus bumalik sa hapag. Sila ay patuloy na kumain. Ang kainan ay pakikipagkaibigan. Ito ay hindi lamang pagsasalo-salo. Hindi lamang pagsasama. Higit pa sa mga ito. Sapagkat ang pagkain ay buhay. Ang pagsasalo-salo sa pagkain ay pagbibigayan. (sang pakikihati. Pagbabahagi. Handang magbigay sa ikakabuti at ikakaganda ng buhay.

Ang lahat ay ibibigay ng Panginoong Diyos para sa ating kaligtasan. Ang lahat ay gagawin ng Panginoon Diyos para makamit natin ang buhay na walang hanggan. Iniaalay ni Jesus ang Kanyang sariling buhay doon sa Krus upang makamit natin ang kapatawaran ng Diyos Ama. At ngayon sa Santa Misa sa Banal na Komunyon, ibinibigay sa atin ng Panginoong Jesus ang Kanyang sariling Katawan at Dugo sa anyo ng alak at tinapay para sa ipagkakamit natin ng buhay na walang hanggan.

Sa ating karanasan pagkatapos ng paglalakad, o pagkatapos ng usapan o pagkatapos ng mga gawain ito po ay mauuwi sa kainan. Sa mga pagdiriwang ng kaarawan o anibersaryo, o sa anuman tagumpay na nakamit, tiyak mayroong handaang magaganap, mayroon kainan.

Mangyari pa pagkatapos ng Lunes hanggang Sabado, pumunta tayo sa Santa Misa, ang Huling Hapunan ng Panginoong Jesus. Sa mga naganap sa atin buhay, ating mga makamit at naabot, tumayo po tayo at bumalik sa Panginoong Diyos. Sa anuman pang pangyayari sa atin buhay na nadapa man o nagkasala tumindig tayo, hugasan natin ang buhay sa pangungumpisal at bumalik tayo sa Panginoong Diyos sa pagdalo natin ng Banal na Misa.

Ang OFW na ito ay bago pa lamang sa Kuwait. Matapos makilala at mabatid ang kanyang mga gawain sa ospital, kaagad siyang nagsimula ng trabaho. *Excited* siya sa unang *day-off*. Mayroon nais puntahan. Mayroon siyang gustong-gusto gawin. "*Ano yun?*" tanong ng kanyang mga kasamahan. "*shopping malls ba o masarap na mga kainan*"dugtong nila.

Umiling siya at nagtanong "*saan ang simbahang Katoliko rito. Ang nais ko ay makapagsimba.*"

Mga kapatid, sa atin man pagbabalik sa Panginoong Diyos hindi Niya tayo itatakwil. Hindi Niya tayo hahatulan. Hindi Niya tayo tatanggihan. Tayo ay Kanyang papatawarin. At tayo, mga kapatid ko, ay Kanyang tatanggapin na ang wika "*halika at makibahagi sa kaligayahan ng iyong Panginoon*" (Mateo 25,24).

Ang kautusan o *mandatum* ng Huwebes Santo sa atin ay ganito:

Tulad ni Jesus tayo ay tumindig, lapitan sila. Maglingkod. At isama sila sa Santa Misa.

✠Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP ECMI chair